7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kwarter 2

Aralin 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kwarter 2: Aralin 2 (Linggo 3)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Dianne D. Lumibao (Quezon City University)
- Wayne Paul V. Basco (Tinajeros National High School)

**Tagasuri:**

- Voltaire M. Villanueva. (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**



**ARALING PANLIPUNAN, IKALAWANG KWARTER, ANTAS 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa naging tugon at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagbibigay-impormasyon sa mga naging tugon sa kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Kasanayan sa Pampagkatuto**<br>1. Natutukoy ang mga pamamaraan at patakarang kolonyal ng tatlong bansa (Pilipinas, Indonesia, at Malaysia) ng pangkapuluang Timog Silangang Asya.<br>2. Nasusuri ang mga pamamaraan at patakarang kolonyal sa tatlong bansang pangkapuluang Timog Silangang Asya.<br><br>**Mga Layuning Pampagkatuto**<br>• Nasusuri ang kontekstong pangkasaysayan ng kolonyal na pamamahala sa bawat bansa.<br>• Nasisiyasat ang mga istrukturang administratibo, balangkas ligal, at mekanismo ng pamamahala na ipinatutupad ng mga kapangyarihang kolonyal.<br>• Nasusuri kung paano naimpluwensiyahan ng mga pamamaraang ito ang iba't ibang aspeto ng lipunan, kabilang ang pagmamay ari ng lupa, sistema ng paggawa, at mga gawi sa kultura.<br>• Natutukoy ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa mga pamamaraan na ginamit ng mga kolonyal na awtoridad ng Espanya, Olanda, at Britanya<br>• Nasusuri ang epekto ng mga kolonyal na patakaran sa mga katutubong populasyon, sa ekonomikong pag-unlad, at sa kultura<br>• Naisasalaysay ang papel ng mga kolonyal na patakaran sa pagbuo ng kasaysayan ng bawat bansa.<br>• Napagninilayan kung paano patuloy na hinuhubog ng mga patakarang kolonyal ang mga kontemporaryong isyu sa Pilipinas, Indonesia, at Malaysia.<br>• Natatalakay ang mga implikasyon ng mga pamana ng kolonyal sa katarungang panlipunan, pagkakakilanlan, at pambansang pagkakakilanlan. |

| | |
|---|---|
| **D. Nilalaman** | Ang Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin sa Pangkapuluang Timog Silangang Asya<br>Mga Pamamaraan at Patakarang Kolonyal ng Bansang Pilipinas, Indonesia, at Malaysia<br>• Mga pamamaraan at patakarang kolonyal ng bansang Pilipinas, Indonesia at Malaysia<br>• Iba't ibang pagtugon sa kaayusang kolonyal ng tatlong bansa<br>• Epekto ng kolonyalismo at imperyalismo Kanluranin sa kasalukuyan |
| **E. Integrasyon** | • Kulturang Popular (Food, Music, Entertainment, Fashion, Fads and Crazes)<br>• Current Events (Aspetong politikal at ekonomiko); Kasalukuyang pangyayari na may kaugnayan sa imperyalismo at kolonyalismo<br>• Sustainable Development Goals (SDG 8 – Decent Work and Economic Growth, SDG 10 – Reduce inequalities, SDG 16 – Peace, Justice and Strong Institutions, SDG 17 – Partnerships for the Goals)<br>• Peace Education |


| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Agoncillo, T. (1990). History of the Filipino People 8th Edition. C.&E. Publishing Inc.<br>*Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.* (2016). Department of Education, DepEd Complex, Pasig City. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wp- content/uploads/2019/01/AP-CG.pdf<br>Modified Lesson Exemplar. 2024, Pebrero. Dampalit Integrated School, Tinajeros National High School.<br>Zaide, G. & Zaide S. (2014). Kasaysayan ng Bansang Asyano Ika-8 Edisyon. All Nations Publishing Co., Inc. |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Gawain 1: Venn-Diagram**<br>Panuto: Ilahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng konsepto ng kolonyalismo at imperyalismo. | Ang mga gawaing ito ay magsisilbing gabay o maaaring mapagpilian upang balikan ang natapos na aralin at bilang panulay sa bagong paksang tatalakayin sa linggong ito. |

| | | |
|---|---|---|
| | A. Pagkakatulad<br><br><br>B. Pagkakaiba<br><br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | |

**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**
**Gawain 2: Hagdan ng Pag-unlad**
Panuto: Sagutin ang bahagi ng “Aking Alam” at “Nais Malaman” tungkol sa kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas. Mainam kung may mailalagay ang mga mag-aaral tungkol sa kolonyalismo at imperyalismo sa Indonesia at Malaysia.




**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**
Ang mga salitang nailahad ay magsisilbing gabay sa nilalaman ng aralin sa linggong ito.

| *Kalagayan ng bansa* | *Patakarang Kolonyal* | *Kaayusang Kolonyal* |
|---|---|---|
| Ang mga bansa sa Pangkapuluang Timog Silangang Asya ay may sariling Sibilisasyon. May sariling pamahalaan at pinuno ang bawat kaharian sa mga kalupaan. Nagbago ang pamumuhay na ito nang dumating ang mga mananakop. | Ang pagtingin ng mga mananakop ang nangibabaw sa mga bansa sa Pangkapuluang Timog Silangang Asya na obligasyon nilang akayin ang mga katutubo sa kabihasnan upang maisagawa ito nagpatupad ng mga patakaran ang mga mananakop na naaayon sa kanilang pansariling interes. | Isang pagsubok para sa mananakop ang pasunurin ang watak-watak na mamamayan ng mga isla. Gumamit ng malulupit na pamamaraan ang mga dayuhan upang magkaroon ng kaayusan sa lipunan. Ginamit ng mga dayuhan ang mga katutubo upang labanan ang isa’t-isa kasabay ng pagsakop ng mga ito sa bawat isla na kanilang naratatnan |

Sa Gawain 2, hindi kinakailangan na tama agad ang sagot ng mga mag-aaral. Magsisilbi itong gabay sa guro kung gaano na kalalim ang mga kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa kolonyalismo at imperyalismo sa Malaysia at Indonesi higit ang kaalaman nila sa Pilipinas.

Ang tanong sa hagdan ng pag-unlad ay magsisilbing paghahanda para sa susunod na aralin. Hindi kianakailangan tama agad ang sagot ng mga mag-aaral. Ito ay upang mataya natin kung paano nila inilalagay ang kanilang sarili sa situwasyon at upang makita kung paano nila iniuugnay ang kanilang sarili sa kalagayan ng mga Pilipinong nabuhay sa panahon ng mga mananakop. Subukin na sagutin ang tanong pagtapos ng aralin.

Pagkatapos sagutan, ay tatawag ang guro ng ilang mag-aaral upang basahin ang kanilang mga sagot. HINDI dapat o kailangang sabihin ng guro na tama o mali ang sagot ng mag-aaral.

Ipabasa lamang ito sa mag-aaral. Maaaring itanong muna

| | | |
|---|---|---|
| | | sa kanila ang kanilang pagkakaunawa sa bawat salita.<br><br>Ang mga gawaing nakalahad sa bahaging ito ay gawing gabay upang lubusan na maunawaan ang paksa sa linggong ito. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Mga Pamamaraan at Patakarang Kolonyal ng Bansang Pilipinas, Indonesia, at Malaysia**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Maaaring ipapanood ang mga video na ito:<br>https://www.youtube.com/watch?v=_kv-IMFhbkk<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Ang Pangkapuluang Timog Silangang Asya sa Pamamahala ng Kanluranin<br><br>A. Ang Pagsisimula ng Pamamahala ng mga Espanyol sa Pilipinas<br>a. Sa unang bahagi ng ika-16 na daantaon narating ng mga Portuges na manlalayag at mangangakal ang Pilipinas. Subalit, ang ekspedisyong Espanyol na pinamumunuan ni Ferdinand Magellan noong 1521 ang maituturing na unang pagdating ng mga Kanluranin sa Pilipinas na may layuning sakupin ang nasabing bansa.<br>b. Noong 1565, naging matagumpay si Miguel Lopez de Legaspi sa layunin na tuluyang sakupin ang Pilipinas. Ito na ang naging simula ng tatlong dantaon na kolonisasyon ng mga Espanyol.<br><br>B. Ang Pagsisimula ng Pamamahala ng mga Dutch sa Indonesia<br>a. Nang matapos ang tunggalian ng mga Portuges at Espanyol noong ika-16 na dantaon, itinatag ng Dutch ang kanilang kolonya sa East Indies. Itinatag noong 1602 ang Ducth East India Company upang magkaroon ng monopolyo ang pamahalaan sa kalakalan ng mga pampalasa o spice trade. | |

b. Nasakop ng mga Dutch ang Jakarta noong 1619 at ginawa itong kabisera ng Netherlands East Indies.
c. Noong 1808-1811, panandaliang pinamunuan ng Pransya ang Indonesia at ng Britanya naman noong 1811-1816. Ito ay bunga ng Digmaang Napoleonic sa Europa. Napabalik naman sa kamay ng mga Dutch ang Inodonesia taong 1816.

C. Ang Pagsisimula ng Pamamahala ng mga Portuges sa Malaysia
   a. Noong taong 1511, sinakop ni Alfonso de Albuquerque, isang Portuges ang Malacca. Pagkatapos nito sumunod naman ang mga Dutch at British, kanilang hinamon ang mayayamang katutubo at nakipag-alyansa sa mga katutubong pinuno.
   b. Taong 1796 ay nabili ni Francis Light ng British East India Company ang isla ng Penang. Sa paglawak ng impluwensiya ng British sa Indonesia ay napailalim ang Sultanong Malay sa kanilang kontrol.
   c. Sa panahon ng pamamahala ng mga Kanluranin sa Pangkapuluang Timog Silangang Asya, nagpatupad ang mga ito ng iba't iba't patakaran na nagkaroon ng malaking impluwensiya sa aspektong politikal, ekonomiko at edukasyon ng mga bansang kanilang kinasasakupan.

**Gawain 5: Continuous Data Retrieval Chart**
Panuto: Punan ang chart ng angkop na impormasyon


| **Bansa** | **Kalagayan bago dumating ang mananakop** | **Pamamaraang ginamit para masakop** | **Patakarang ipinatupad ng mananakop** |
|---|---|---|---|
| Pilipinas | | | |
| Indonesia | | | |
| Malaysia | | | |

Pamprosesong Tanong
1. Batay sa chart, mayroon bang pagkakatulad ang Pilipinas sa mga bansang Indonesia at Malaysia? Isa-isahin ito.
2. Batay sa chart, mayroon bang ang Pilipinas sa mga bansang Indonesia at Malaysia? Isa-isahin ito.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**


**Gawain 6:** Pagsusuri ng damdamin

Panuto: Gumuhit ng tatlong emotikon na naglalarawan sa inyong saloobin sa pamamahala ng mga Kanluranin sa pangkapuluang Timog Silangang Asya. Ipaliwanang ang dahilan sa pagguhit ng tatlong emotikon.






**Gawain 7: Venn Diagram**

Panuto: Ihambing ang kalagayan ng Pilipinas noong panahon ng kolonyalismo at imperyalismo sa kalagayan ng Indonesia at Malaysia.




Pamprosesong Tanong

1. Bakit may pagkakaiba sa karanasan ng Pilipinas noong panahon ng kolonyalismo at imperyalismo kumpara sa mga karatig na bansa nito?
2. Bakit may pagkakatulad sa karanasan ng Pilipinas noong panahon ng kolonyalismo at imperyalismo kumpara sa mga karatig na bansa nito?

<table>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
1. Pabaong Pagkatuto<br>
Gawain 8: Hagdan ng Pag-unlad<br>
Panuto: Sagutin ang bahagi ng “Mga Natutuhan” tungkol sa kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas.<br>

<br>
Gawain 9:<br>
Panuto: Ilahad ang iyong obserbasyon sa mga kalagayan ng Pilipinas/Pilipino sa panahon ng pananakop at kalagayan ng Pilipinas/Pilipino sa kasalukuyan.<br>
Pilipinas sa panahon ng Kastila<br>

<br>
Pilipinas sa kasalukuyan<br>
<br>
2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>
Gawain 10: Mag-aral is Fun sa Araling Panlipunan!
</td>
<td>
Para sa Gawain 9, narito ang mga link ng mga larawan:<br><br>
Pilipinas sa panahon ng Kastila:<br>
https://upd.edu.ph/archaeology-of-colonial-landscape-central-to-todays-philippines/<br><br>
Pilipinas sa kasalukuyan:<br>
https://www.rappler.com/nation/219798-philippine-population-2019/<br><br>
Maaring gumamit ng ibang larawan ang guro batay sa kaniyang kagustuhan.
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Ipakita ang iyong naramdaman batay sa natutuhan sa nakalipas na aralin gamit ang “pag-thumbs up” at “thumbs down” ng iyong kamay.<br> Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.<br> Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin. | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- | --- |
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Gawain 11:**<br>Panuto: Basahin ang bawat pahayag. Isulat ang Tama kung wasto ang pahayag at Mali kung ito ay mali.<br><br>1. Ang kolonyalismo ng Kanluranin sa Pilipinas, Indonesia, at Malaysia ay nagsimula noong ika-19 siglo.<br>2. Ang imperyalismong Kanluranin ay nagdulot ng positibong epekto sa ekonomiya ng Pilipinas, Indonesia, at Malaysia.<br>3. Ang pag-aari ng ibang bansa sa mga teritoryo ng Timog Silangang Asya ay nagbunga ng makikita sa larangan ng wika, kultura, at relihiyon.<br>4. Ang Kolonyalismong Kanluranin ay nagkaroon ng malaking impluwensya sa pag-unlad ng edukasyon sa Pilipinas, Indonesia, at Malaysia.<br>5. Ang pagsakop ng Kanluranin sa Pilipinas, Indonesia, at Malaysia ay nagresulta sa pag-aangkin ng mga yaman at likas na yaman ng mga dayuhang kapitalista.<br>6. Ang kolonyalismo ay nag-ambag sa pagbuo ng mga modernong imprastruktura tulad ng daan, tren, at istrukturang pampubliko sa mga bansang ito.<br>7. Ang mga lokal na lider at pinuno ay nakinabang sa malawakang pag-aangkin ng mga kanluranin sa kanilang teritoryo.<br>8. Ang mga kolonyal na patakaran ng mga Kanluranin ay nagkaruon ng negatibong epekto sa tradisyunal na industriya at agrikultura ng Pilipinas, Indonesia, at Malaysia.<br>9. Ang pagtataguyod ng kristiyanismo ay isang halimbawa ng positibong aspeto ng kolonyalismo sa Pilipinas, Indonesia, at Malaysia.<br>10. Ang hangarin ng mga Kanluranin sa pagsakop sa Timog Silangang Asya ay pangunahing naka-focus sa pangangalakal at kita.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyonal)** | Ang bahaging ito ay magsisilbing pagtataya sa nagging pag-unawa ng mga mag-aaral sa natapos na paksa.<br><br>Maaring gumawa ng ibang uri ng maikling pagsusulit ang guro. |

<table>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | _______________<br>_______________<br>_______________<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>_______________<br>_______________<br>_______________<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>_______________<br>_______________<br>_______________<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*<br>_______________<br>_______________<br>_______________ | |